Republic of the Philippines
Department of Health
FOOD AND DRUG ADMINISTRATION

'30 OCT 2017

FDA ADVISORY
No. 2017-290-A

PARA SA: **KAALAMAN NG PUBLIKO AT MGA MAMIMILI**

PAKSA: **Paalala sa Publiko sa Pagbili at Paggamit ng mga Produktong Laruang Maaring Magdulot ng Kapahamankan sa Kalusugan**

Pinapayuhan ng Food and Drug Administration o FDA ang publiko na maging maingat at mapanuri sa pagbili at paggamit ng mga produktong laruan na maaring magdulot ng kapahamakan sa kalusugan.

Ang *Fidget spinner* ay laruan na binebenta bilang pantanggal ng *stress* at pantulong sa konsentrasyon. Ito ay naging popular para sa mga bata na may *ADHD, autism, anxiety* at *stress* (Patel, 2017). Ngunit sa ngayon, wala pang pag-aaral tungkol sa bisa o kaligtasan nito. Sa katunayan, ang *US Consumer Product Safety Commission* ay nagsasagawa ng imbestigasyon ukol sa mga insidente kung saan ang mga biktima ay nabulunan. Ayon sa isang ulat, isang 10-taong gulang na babae mula sa Texas, USA ang aksidenteng nakalunok ng isa sa mga *bearings* ng *fidget spinner* na bumara sa kanyang lalamunan. Kinailangang operahan ang bata para matanggal ang nasabing parte ng laruan. Kaparehong insidente ang nangyari sa isang 5-taong gulang na batang lalake sa Oregon (Pelletiere, 2017).

Britton Janiec's fidget spinner.

One of the bearings stuck in Britton Janiec's throat.

Larawan 1: Photo Credit: (Stout Middle School Official Website, 2017)

Ang *Australian Department of Mines, Industry Regulation and Safety* ay naglunsad ng imbestigasyon tungkol sa iba't ibang ulat ng kapahamakan mula sa ibang modelo ng *fidget spinner* na mayroong *button batteries*. Ayon kay Mr. David Hillyard, *acting commissioner* ng *Consumer Protection* sa Australia, ang pangunahing isyu ay ang pagkakaroon ng maliliit na parte ng *fidget spinners*, at mas ikinababahala ang pagkakaroon nito ng *button batteries* na madaling malunok ng mga bata.

Karamihan ng *toy suppliers* at *retailers* sa nasabing bansa na ang boluntaryong nagtanggal at nagpatigil ng distribusyon ng produkto sa merkado (Department of Mines, Industry Regulation and Safety, 2017).

Sa Ireland, nagsagawa ng *recall* ng 200,000 *fidget spinners* para sa *safety review* at ilan ang napatunayan na hindi sumusunod o *non-compliant* sa batas. (Duffy, 2017)

Dahil sa mga insidenteng ito, ang EcoWaste Coalition, isang organisasyon dito sa Pilipinas, ang nagbigay ng babala sa potensyal na kapahamakang dala ng *fidget spinners*. Ayon kay Thony Dizon, coordinator ng EcoWaste Coalition, isang kompanya lamang ang may awtoridad para magbenta ng mga nasabing laruan. Ito ay nakakabahala dahil madaling mabili sa bangketa, *malls*, at *online* sa pinaka-mababang halaga na 20 pesos (Sabillo, 2017).

Tinatawagan namin ng pansin ang mga magulang na maging maingat at subaybayan ang kanilang mga anak sa paggamit ng laruang *Fidget Spinner*. Kung may naranasang kakaiba sa produktong nabanggit, maaring ipagbigay-alam ito o idulog sa FDA sa pamamagitan ng mga sumusunod:

a. FDA *e-report* sa *website*

Maaring ipadala sa FDA gamit ang *e-Report* tulad ng ipinapakita sa mga larawan:

Larawan 2. e-Report Section of the FDA Website



Larawan 3. *Filled-up e-Report Form*

b. Magpadala ng *email* sa report@fda.gov.ph
c. Tumawag sa FDA sa numerong (02) 857-1900

Higit pa rito, ang publiko ay hinihikayat upang makiisa sa FDA sa pagsubaybay sa anumang kahina-hinalang aktibidad o pagbenta ng kahina-hinalang mga produktong laruan sa pamilihan. Para sa karagdagang impormasyon o mga katanungan, maaaring bisitahin ang *FDA website*, *i-email* sa info@fda.gov.ph o tumawag sa mga numerong ibinigay sa itaas.

NELA CHARADE G. PUNO, RPh
Director General

DTN 20171024091832